

Nag-aalala ka ba na hindi ka marunong ng Nihongo, lalo na sa panahon ng pagkakasakit, sakuna, pag-alaga ng bata at kanilang edukasyon?


Websites na makakatulong sa pang-araw-araw na pamumuhay



Impormasyon sa pagkakasakit, pangangalaga ng bata, edukasyon, sa panahon ng sakuna at kalamidad ay ipinapaliwanag sa sumusunod na mga websites na nakasalin sa iba't ibang wika.

■ Mga katanungan medikal sa iba't ibang wika (18 wika)

Para maipaliwanag ang inyong karamdaman sa sariling wika. : <http://www.kifjp.org/medical/>



■ Medical handbook

[English, Chinese, Portuguese, Thai, Tagalog, Spanish, Korean, Indonesian, Vietnamese]

<https://www.ia-ibaraki.or.jp/kokusai/soudan/medical/>



■ Website sa pangangalaga ng bata para sa mga dayuhang magulang [Chinese, Tagalog, Portuguese Spanish, Vietnamese, English, Nepali] :

<http://www.kifjp.org/child/chi/chart>



■ Gabay para sa mga dayuhang estudyante

[English, Korean, Vietnamese, Filipino, Chinese, Portuguese, Spanish]

https://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm



■ Gabay sa pag-iwas sa sakuna o kalamidad para sa mga dayuhan [English, Chinese, Korean, Portuguese, Russian]

http://www.ifie.or.jp/ifie-disaster/bousai_guide2015.pdf



■ Gabay na Video para sa pag-iwas sa kalamidad

Mga dapat gawin sa panahon ng sakuna o kalamidad ay ipinapaliwanag sa pamamagitan ng animation.

[Japanese, English, Chinese, Korean, Vietnamese, Nepali, Portuguese, Spanish]

<https://www.tokyo-icc.jp/information/howto.html>



Mga klase sa Nihongo na malapit sa Tojo Line

Karamihan sa mga dayuhan dito sa Japan ay nagsasabing mahirap ang Nihongo. Subukan nating pumunta sa Klase ng Nihongo ng mga volunteer teachers at magkaroon ng mga kaibigang Hapones. Halos lahat ng klase ay libre.

Kung magtatrabaho sa Japan, ang pagkakaroon ng kaalaman sa Nihongo ay malaking impluwensya sa trabaho! Ang bilang ng mga dayuhang nagtatrabaho sa Japan ay umabot na ng 1.66 million, ayon sa talaan nitong lumipas na 7 taon. Karamihan sa mga trabaho ay nangangailangan ng pagkakaroon ng kaalaman sa Nihongo. Ang JLPT (Japanese Language Proficiency Test) ay isang pagsasanay para malaman ang antas ng inyong kaalaman sa Nihongo. Ito ay may 5 antas, N1 ~ N5 para masukat ang inyong kaalaman sa wika, sa pagbasa at pagkaka-intindi sa pinakikinggang wika..

▶▶ Mag-aral tayo sa Nihongo Class na malapit at madaling puntahan!

Maraming mga Nihongo Classes sa mga bayan at syudad at karamihan ay libre. Gumawa ang Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC) ng pampleta ukol sa mga Nihongo Classes na malapit sa train stations ng Tojo Line (Wako-shi ~ Higashi Matsuyama-shi)). Nakasulat ito sa Nihongo pero may mapa na matitingnan para madaling mahanap. Halina at mag-aral tayo ng Nihongo! Ang pag-aaral ng wika ay sanayan – pakikinig at pakikipag-usap.



武東上郷沿線日本語教室ガイド

ふじみの ぐくさい こうりゅう せんたー「にほんご きょうしつ」
ふじみの国際交流センター「日本語教室」

駅	上福岡駅(かみふくおかえき) 西口(にしぐち) あるいて5分
教室の場所	ふじみの ぐくさい こうりゅう せんたー(ふじみせーの) 国際交流センター (FICEC)
住所	ふじみのし かみふくおか 5-4-25 〒354-0004 ふじみ野市 上福岡 5-4-25

Café FICEC



Bawat buwan ay may pagtitipon sa FICEC. Sumali tayo at makipag-usap habang nag-meryenda!

- ❖ Marso: pagpunta sa Cherry blossoms (Ohanami)
- ❖ Abril: pagtitipon at bazaar
- ❖ Mayo, Hunyo: pagtitipon
- ❖ Agosto: pagtitipon at bazaar

Pag naisaayos na ang iskedyul ay ipapaalam namin sa Facebook (FICEC page)

FICEC Nihongo Class



Noong Enero 16 ay nagkaroon kami ng pagsusulat ng unang calligraphy (Kakizome) sa FICEC. Sa Marso ay naka-iskedyul ang pagpunta sa cherry blossoms. Kung may oras kayo pagkatapos ng Nihongo Class, halina at

Gaano man tayo kaingat ay nakakahawak pa rin tayo ng iba't ibang bagay na di natin akalain ay may mga bakterya na maaring magdulot ng sakit. Kaya't ugaliin natin ang paghuhugas ng kamay at pag-mumumog.



Mga interpreters at translators ay kailangan--

Ang Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC) ay nangangailangan ng mga tagasalin sa wikang Portuguese, Chinese, Tagalog, Thai, Nepali.